
# SAKAY NA!



ISINULAT NI:
JOHN PAUL G. LUAÑA

IGINUHIT NI:
EMMANUEL LOUIS G. FRIAS







| Learning Competencies | Code |
|---|---|
| Natutukoy ang mga salitang tugma mula sa tugma, tula, jingle, awit | LLKPA-Ic-4 |
| Nasasabi kung ang mga pares ng salita ay tugma | LLKPA-Ic-5 |
| Nakapagbibigay ng salitang tugma | LLKPA-00-6 |
| Nakabibilang pataas at pababa ang mga bilang na 0-10. | MKC-00-1 |
| Nakikilala at natutukoy ang mga bilang 0-10 | MKC-00-2 |
| Nababasa at nasusulat ang bilang 0-10 | MKC-00-3 |
| Napagtatambal ang bilang 0-10 sa hanay ng mga konkretong bagay | MKC-00-4 |
| Natutukoy ang ngalan ng mga hayop. | PNEKA-Ie-1 |



Ang kuwentong ito ay orihinal na isinulat ni JOHN PAUL G. LUAÑA at iginuhit ni EMMANUEL LOUIS G. FRIAS.

Karapatang ari©2018. Isinulat ni JOHN PAUL G. LUAÑA at iginuhit ni EMMANUEL LOUIS G. FRIAS, Sangay ng mga Paaralang Panlungsod, Lungsod Quezon.


SAKAY
NA!



Maagang ginising si Marie ng kaniyang nanay.

"Saan po ba tayo pupunta?" tanong ni Marie habang ang mga mata ay papungay-pungay.

“Bibili tayo ng bago mong sapatos sa mall,” sagot ni Aling Sita.

“Bilisan mo! Magra-rush hour na,” dagdag pa niya.



Si Marie ay agad na naligo at nagbihis.

Ang ganda ng suot niya, pagkalinis-linis.





Pagsakay nila sa bus,
wala nang bakanteng upuan.

Naku, tayuan na!"
sabi ni Aling Sita habang
nakikipagsiksikan.


Pagdaan sa eskuwelahan, sampung kuneho ang palundag-lundag.



Sigaw ng konduktor, "Maluwag pa. Kaunting kembot ay may makasasakay pa."

"Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya," sigaw ng mga pasahero.

Ngunit nakasakay ang mga kuneho dahil ang drayber ay pumreno.





Paghinto sa ospital,
siyam na baboy
ang paamoy-amoy.


Sigaw ng konduktor,
“Maluwag pa. Kaunting kembot
ay may makasasakay pa.”



“Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya,” sigaw ng mga pasahero.

Ngunit nakasakay ang mga baboy dahil, konduktor ayaw silang itaboy.

Paghinto sa bahayan,
walong manok ang patila-tilaok.



Sigaw ng konduktor,
"Maluwag pa. Kaunting kembot
ay may makasasakay pa."

“Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya, ”sigaw ng mga pasahero.

Ngunit nakasakay ang mga manok dahil sa bubong sila’y kumapit ng mahigpit.





Pagdaan sa bangko, pitong pagong ang pasilong-silong.

Sigaw ng konduktor, "Maluwag pa. Kaunting kembot ay may makasasakay pa."

“Ang sikip-sikip na.
Hindi na kasya, ”sigaw
ng mga pasahero.



Ngunit sila
ay pinagpatong-patong
ng konduktor kaya nagkasya
ang mga pagong.



Pagdaan sa panaderya,
anim na daga ang
pangata-ngata.

Sigaw ng konduktor,
"Maluwag pa. Kaunting kembot
ay may makasasakay pa."



“Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya,” sigaw ng mga pasahero.

Ngunit ang maliliit na daga, sumiksik at dumaan sa bintana.


Pagdaan sa simbahan,
limang gagamba
ang paamba-amba.

Sigaw ng konduktor,
"Maluwag pa. Kaunting kembot
ay may makasasakay pa."



“Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya,” sigaw ng mga pasahero.

Ngunit nagpalabas sila ng sapot kaya sa pinto sila ay nakalusot.





Pagdaan sa palengke, apat na unggoy ang palaboy-laboy.

Sigaw ng konduktor, "Maluwag pa. Kaunting kembot ay may makasasakay pa."

"Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya," sigaw ng mga pasahero.

Ngunit sila ay magaling sumabit kaya ibang hayop, wala nang nasambit.



Pagdaan sa hardin, tatlong tipaklong ang patalon-talon.



Sigaw ng konduktor, "Maluwag pa. Kaunting kembot ay may makasasakay pa."

“Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya,” sigaw ng mga pasahero. Ngunit ang mga tipaklong ay nakalusot sa mga pasaherong nakasimangot.



Pagdaan sa parke, dalawang pusa ang palinga-linga.



Sigaw ng konduktor, "Maluwag pa. Kaunting kembot ay may makasasakay pa."

"Ang sikip-sikip na. Hindi na kasya," sigaw ng mga pasahero.




Ngunit yapak nila ay hindi marinig kaya sa loob sila ay nakatindig.

Sa loob ng bus ay pagkainit-init.



Sa sobrang init, tagaktak na ang pawis ng mga pasaherong galit na galit.

Pagdaan sa pulisya,
isang malaking elepante
ang humarang sa kalsada.



"Hinto! Sasakay ako!" bulyaw
ng masungit na dambuhala.

“Masikip na. Hindi nakasya,” sagot ng mgapasahero.


“Sasakay ako sa ayaw o sa gusto ninyo!” patutsada ng elepante.



Hindi na makontrol ng drayber ang manibela.

Pagewang-gewang nilang binabaybay ang kalsada.

Mababangga na sila!





Bumilis ang tibok ng puso ni Marie.

Sa braso ng kanyang ina, siya ay kumapit nang matindi.

Sabay-sabay na sumigaw sina Marie at iba pang mga pasahero, “Waaaaaaaah!”



"O, Marie!
Ano ang nangyari sa iyo?
Bakit ka sumisigaw?"
pag-aalala ni Aling Sita.

"Sumabog po
ang gulong ng bus,"
sagot niya.





"Naku, mukhang nananaginip ka. Nakaidlip ka sa biyahe."


"Maghanda ka na. Malapit na tayong bumaba," sabi ni Aling Sita.

Nakahinga nang maluwag si Marie.



"Hay salamat! Buti panaginip lang ang lahat," bulong niya sa kaniyang sarili.

# Sakay Na!









Si G. JOHN PAUL G. LUAÑA ay kasalukuyang nagtuturo sa Diosdado P. Macapagal Elementary School sa Quezon City. Mula pagkabata pa hanggang ngayon ay mahilig na siyang magbasa ng mga kuwentong pambata. Siya rin ay isang volunteer sa isang organisasyon para sa mga batang may natatanging pangangailangan.




Si G. EMMANUEL LOUIS G. FRIAS ay guro ng Mababang Paaralan ng Holy Spirit, Quezon City.

Siya ay nagtapos ng fine arts sa Global Knowledge Philippines Inc. Major in Painting. Kilala siya bilang illustrador ng mga kuwentong pambata.



**Nasubukan mo na bang bumiyahe sakay ng bus? Samahan natin si Marie sa kaniyang paglalakbay.**